7

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin 4

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Filipino**
**Kuwarter 3: Aralin 4 (para sa Ikaapat na Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Dr. Joel C. Malabanan (Philippine Normal University - Manila)

**Tagasuri:**

- Dr. Voltaire M. Villanueva (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 4 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan at Kasaysayan ng Pakikibaka Laban sa mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: #1 Pagtatambal (15 minuto)**

**II. Layunin:** Natutukoy ang mga impluwensiya ng mga Kastila sa Kulturang Pilipino.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

**IV. Panuto:** May mahalagang papel na ginampanan ang panitikan sa pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga Kastila. Nagsilbing dokumentasyon ng kasaysayan ang mga tula, awit, sanaysay, at nobela upang paapuyin ang nasyonalismo sa puso ng ating mga ninuno. Punuan ng wastong kasagutan ang sumusunod:

_________________ 1. Ito ang pamagat ng nobelang sinulat at naipalimbag ni Dr. Jose Rizal noong 1891.
_________________ 2. Ito ang tawag sa pahayagan ng Katipunan.
_________________ 3. Sagisag panulat ito ni Emilio Jacinto.
_________________ 4. Ito ang bilang ng pantig ng tula ni Andres Bonifacio na "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa".
_________________ 5. Siya ang pangunahing tauhan sa Noli Me Tangere.
_________________ 6. Siya ang may-akda ng "Dasalan at Tocsohan".
_________________ 7. Siya ang sumulat ng "Mi Ultimo Adios".
_________________ 8. Ito ang pamagat ng Pambansang Awit na nilikha ni Andres Bonifacio at nilapatan ng musika ni Julio Nakpil
_________________ 9. Siya ang gumamit ng sagisag-panulat na "May Pag-asa".
_________________10. Ito ang sagisag-panulat ni Antonio Luna
_________________11. Ito ang tawag sa *genre* ng awit na "Jocelynang Baliuag"
_________________12. Siya ang naglapat ng melodiya ng "Lupang Hinirang".
_________________13. Siya ang rebolusyunaryong Pilipino na kilala sa tawag na "Vibora".
_________________14. Siya ang tagapagtatag ng "Republikang Tagalog"
_________________15. Ito ang tawag sa pinakamataas na kasapi ng Katipunan.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**
Ipaliwanag kung papaano nagamit ng mga Pilipino ang Panitikan sa pakikibaka sa mga Kastila.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 4 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: #2 Pamanang Espanyol**

**II. Mga Layunin:** Natatalakay ang mahahalagang pangyayari sa panitikan sa panahon ng pananakop ng Espanyol.
Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop

**III. Mga Kailangang Materyales**: Papel at panulat

**IV. Panuto**: Ipaliwanag sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa lima (5) ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa sanaysay ni Andres Bonifacio na "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog":

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ipaliwanag kung ano ang pinakamahalagang naging ambag ni Andres Bonifacio sa pagiging bansa ng Pilipinas

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 4 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain:** #3 Pagbibigay-linaw (10 minuto)

II. **Mga Layunin:** Nabibigyang-linaw ang mga pahayag sa mga Awit ng Pakikibaka Laban sa mga Kastila.

III. **Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng mga salitang nakahilig batay sa pagkakagamit sa sanaysay na Ang Musika ng Rebolusyong Pilipino Laban sa mga Kastila Batay sa Pananaliksik ni Dr. Antonio Hila. Pagkatapos ay gamitin sa sariling pangungusap.

1. *Dalisay* sa linis, dakila sa ganda

______________________________________________

______________________________________________

2. Marangal na *dalit* ng Katagalugan

______________________________________________

______________________________________________

3. Lupang *hinirang*, duyan ka ng magiting

______________________________________________

______________________________________________

4. Lupa ng araw ng *luwalhati't* pagsinta

______________________________________________

______________________________________________

5. Bayang *magiliw* Perlas ng Silanganan

______________________________________________

______________________________________________

6. Sa *manlulupig* di ka pasisil

______________________________________________

______________________________________________

7. *Masamyong* bulaclac agad sumisical

______________________________________________

______________________________________________

*8.* Sa buhay na ito'y walang *nilalangit*

______________________________________________

______________________________________________

9. *Pinopoong* sinta, niring calolowa

______________________________________________

______________________________________________

10. Musika ng *Rebolusyong* Pilipino

______________________________________________

______________________________________________

**IV. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ilahad kung papaanong ang musika ay nagamit sa pakikibaka para sa kalayaan ng Pilipinas laban sa mga Kastila.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 4 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng Himagsikan Laban sa mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: #4 Lahad-Diwa (10 minuto)**

**II. Mga Layunin:** Natatalakay ang katangian ng Panitikan sa Panahon ng Himagsikan laban sa mga Kastila.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

A. **Panuto:** LAHAD-DIWA: Anong mahalagang paksa ang inilalahad ng mga awit sa panahon ng pananakop ng mga Kastila na nagbibigay ng paglalarawan sa katangian ng panitikan sa Panahon ng Rebolusyong Pilipino batay sa tinalakay na sanaysay ? Ipaliwanag.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

**IV. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:**
Ibigay ang kahalagahan ng pag-aaral sa mga Awit ng Himagsikan Laban sa mga Kastila sa patalakay sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyan.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 4 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng Himagsikan Laban sa Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain:** #5 Pagkukumpara (15 minuto)

II. **Mga Layunin:** Napapahalagahan ang kasaysayan ng Panitikan sa panahon ng pananakop.

III. **Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

IV. **Panuto:** Suriin ang liriko ng awiting "Kapangyarihan" ng Ben & Ben at ipaliwanag kung papaano ito maiuugnay sa simbolo, wika,pagpapahalaga, at tema na nakapaloob sa teksto kaugnay sa Mga Awit ng Rebolusyong Pilipino Laban sa Mga Kastila. Narito ang liriko ng awit:

Kapangyarihan
*Ben & Ben*

Akala n'yo ba ang kapangyarihan ay nasa inyo?
Sino ba kayo?
'Di naman kami nagkulang sa aming pag-uunawa
'Di ka namin isusuka kung hindi ka pa sukdulan
Huwag niyong tapakan ang katarungan

Akala n'yo ba ang kapangyarihan ay nasa inyo?
Sino ba kayo?
Magwawagi ang katotohanan ang kadiliman ay ibabagsak
Nagsisilbi ka dapat nagsisilbi ka dapat
'Di ba dapat ikaw ang nagsisilbi sa'min
Bakit tila kami'y nananaginip nang gising?
Ang bawat pighati na dala dagdag bigat damdamin
Pipilitin na pasanin hanggang sa mga mata niyo'y mamulat
Magising sa sigaw na sumasalamin
Sa sumpa niyong magsilbi sa amin
Tuluyang nawalan ng bisa
Ba't sinaulo't 'di sinapuso bilang ng buhay ng tao?
Kayong mga hari-harian pagkalaki na ng mga ulo

'Wag niyong kalilimutan na hawak-hawak namin ang inyong trono
Nadidinig n'yo pa ba 'ko pangako'y napako dahil sa korona sa ulo niyo
'Di na magpapaalipin pa sa mga rehas mo
'Di mabubuwag ng kahit anumang sindak ang katotohanang ito
Ibon na malayang lumipad 'di mo na makukulong

Akala niyo ba ang kapangyarihan ay nasa inyo?
Sino ba kayo?
Magwawagi ang katotohanan
Ang kadiliman ay ibabagsak
Akala niyo ba ang kapangyarihan ay nasa inyo?

sino ba kayo?
Magwawagi ang katotohanan ang kadiliman ay ibabagsak

Nagsisilbi ka dapat, nagsisilbi ka dapat
Katotohanan ang dapat mamuno (nagsisilbi ka dapat)
Sa namumuno sa mamamayan (nagsisilbi ka dapat)
Makatarungan ang dapat mamuno (nagsisilbi ka dapat)
Sa namumuno sa mamamayan (nagsisilbi ka dapat)
Nagsisilbi ka dapat nagsisilbi ka dapat!

Isulat ang naging pagkukumpara sa pamamagitan ng isang sanaysay na hindi bababa sa sampung pangungusap

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**IV. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:**

Ipaliwanag kung papaanong ang Musika ay nagamit sa pagpapalaya ng Pilipinas laban sa mga mananakop.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 4 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng Himagsikan Laban sa Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain: #6 Taludtod-Saysay (15 minuto)**

II. **Mga Layunin:** Napapahalagahan ang kasaysayan ng Panitikan sa panahon ng pananakop.

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

A. **Panuto:** Ilahad ang saysay o kahalagahan ng sumusunod na taludtod kaugnay ng kalagayan ng Pilipinas sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Narito rin naman ang masamang gawa
   Na ikaaamis ng puso't gunita.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Ipinaglihim mo nang ako'y bata pa,
   ang pagdaralitang iyong binabata;

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Sa kaalipinan mo'y wala nang mahabag,
   Gayong kayraraming pinagpalang anak!

______________________________________________

______________________________________________

4. Samantalang ikaw, Bayang iniibig,
   Ay hapung-hapo na't putos ng gulanit.

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:

Ilahad ang iba pang naging ambag ni Marcelo H. Del Pilar sa pag-unlad ng panitikan sa Pilipinas sa pamamagitan ng isang organisadong sanaysay na hindi bababa sa limang (5) pangungusap.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**


| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 4 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng mga Pananakop ng mga Kastila | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain:** #7 Kilatis-Diwa (40 minuto)

**II. Mga Layunin:** Nasusuri ang mga tema at paksa na ginamit sa panitikan. Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop

**III. Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

**IV. Panuto** Pumili ng anim na saknong mula sa "Isang Tula sa Bayan" ni Marcelo H. Del Pilar at isulat sa kahon ang paksang isinasaad nito. Isulat ang sagot sa pangungusap na paraan sa kahon.




**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sumulat ng isang saknong na Awit (12 pantig, apat na taludtod) na nagpapahayag ng iyong pagmamahal sa bayan.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 4 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: # 8 Pagpupuno (20 minuto)**

**II. Mga Layunin:** Napapahalagahan ang kasaysayan ng Panitikan sa panahon ng mga mananakop na Kastila.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

**IV. Panuto:** Punuan ng wastong kasagutan ang sumusunod:

____________________ 1. Siya nag nagtatag ng pahayagang La Independencia.
____________________ 2. Siya ang sumulat ng lorihinal na liriko ng ating Pambansang Awit.
____________________ 3. Siya ang tinutukoy na "Pepita" sa awiting "Jocelynang Baliwag.
____________________ 4. Ito ang anyo ng musikang ginagamit ng mga rebolusyunaryo kapag may namatay sa digmaan.
____________________ 5. Siya ang may-akda ng "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa"
____________________ 6. Siya ang sumulat ng liriko ng "Bayan Ko".
____________________ 7. Sila ang pinag-aalayan ng awit na "Sa Iyo ang Dahil".
____________________ 8. Siya ang sumulat ng "Dasalan at Tocsohan".
____________________ 9. Ito ang pinakamalaganap na anyo ng awitin noong Panahon ng mga Kastila na pumapaksa sa pag-ibig.
____________________ 10. Siya ang naglapat ng melodiya ng "Marangal na Dalit ng Katagalugan".

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Suriin ang liriko ng "Marangal na Dalit ng Katagalugan" at Ipaliwanag ang konteksto nito sa panahon ng mga Kastila at sa kasalukuyan. Buoin ang sanaysay sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa walo (8).

________________________________________

________________________________________

________________________________________

**Rubrik sa Pagmamarka:**

| | |
|---|---|
| **Nilalaman** | **40%** |
| **Wastong Balarila** | **20%** |
| **Pagkamalikhain** | **20%** |
| **Organisasyon ng Diwa** | **20%** |
| **Kabuoan** | **100%** |